## APPLICATION

- Ikaw ba ay nagtitiwala at sumusunod sa Diyos sa lahat ng pagkakataon? Sa aling bahagi ng buhay mo kailangang magtiwala ka pa nang husto? Papaano mo maisasapamuhay ang iyong natutunan?
- Ano ang maaari mong gawin upang mapanatili mo na ang iyong pananaw ay ayon sa Salita ng Diyos?
- Papaano mo susuportahan ang kaibigan o miyembro ng pamilya na nagdaraan sa mga pagsubok ngayon? Hingin sa Diyos kung ano ang dapat gawin upang mapatibay ang loob niya.

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang makapangyarihan at walang hanggang kaalaman at pang-unawa. Ipanalangin na magtitiwala ka kahit na nasa gitna ng mga pagsubok.
- Ipanalangin na magkaroon ng bagong pang-unawa mula sa Salita ng Diyos sa iyong paggugol ng panahon sa pagbabasa ng Salita araw-araw. Ipanalangin ang tiyak na kaparaanan kung paano mo isasapamuhay ang iyong natutunan.
- Ipanalangin ang iyong mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan na may mga mahihirap na pinagdadaanan na mga sitwasyon. Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos na magturo sa Kanyang Salita.

VICTORY

© 2014 ng Victory®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.
Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

Ang pagkopya ng lathaing ito ay pinahihintulutan para sa lokal na simbahan. Hindi ito ipinagbebenta.
victory.org.ph




FILIPINO **WEEK 2**

# Mga Kadahilanan sa Pagdurusa

## NOTES

## WARM-UP

- Sa palagay mo ba ay may pagka-usisero ka? Bakit o bakit hindi?
- Ano ang pinaka-malala na payo na iyong natanggap sa ibang tao? Bakit minarapat mong hindi itong sundin?
- Papaano ka natulungan ng payo ng iba sa iyong mahirap na sitwasyon?

**WORD**

*[2]Mga kapatid, magalak kayo sa tuwing dumaranas kayo ng mga pagsubok. [3]Sapagkat alam ninyong nagdudulot ng katatagan ang pagsubok sa pananampalataya n'yo. [4]Kaya tiisin n'yo ang mga pagsubok upang maging ganap at walang anumang pagkukulang ang buhay n'yo.*
**SANTIAGO 1:2-4**

---

Iba-iba ang pakikitungo ng mga tao sa pagdurusa. Maaari nating subukan na bigyang kabuluhan ang ating sitwasyon sa pamamagitan ng ating mga paliwanag o mga payo mula sa ibang tao. Ganong hindi naman ito masama, kailangan lang nating bantayan ang ating mga kaisipan laban sa mga maling pananaw. Sa aralin na ito, ating titignan ang tatlong magkakaibang pananaw na mayroon tayo sa panahon ng pagdurusa na makikita natin sa buhay ni Job.

## 1 Ang aking pang-unawang may limitasyon

*[1]Kinalaunan, nagsalita si Job at isinumpa niya ang araw na sinilang siya. [2]Sinabi niya, [3]"Isinusumpa ko ang araw ng aking pagsilang."*
**JOB 3:1-3**

Isinasalarawan ng Bibliya na si Job ay walang sala, siya ay matuwid at may takot sa Diyos. (Job 1:2). Ganon pa man, sa kanyang pagdadalamhati, sinumpa niya ang araw ng kanyang kapanganakan. Sa ating limitasyon bilang tao, tayo ay maaaring magdurusa nang hindi nauunawaan kung bakit. Ngunit tignan natin nang higit pa ang mga pangyayari at sa halip ay magtiwala sa Diyos na Siyang nakakaalam at nakauunawa ng lahat ng bagay. Papaano nga ba mapapasaatin ang pagbabago ng pananaw sa gitna ng mga pagsubok? (Proverbs 3:5-6)

## 2 Pananaw ng iba

*[9]Sinabi sa kanya ng asawa niya, "Tapat ka pa rin sa iyong Diyos? Sumpain mo na siya at nang mamatay ka na!" [10]Sumagot si Job, "Nagsalita ka ng walang kabuluhan. Mabubuting bagay lang ba ang tatanggapin natin mula sa Diyos at hindi ang masasama?" Sa kabila ng lahat ng nangyari sa kanya, hindi nagkasala si Job kahit isang salita.* **JOB 2:9-10**

Ang mga tao sa paligid ni Job ay may iba't-ibang pananaw sa kanyang sitwasyon. Sinabi ng asawa ni Job na "Sumpain mo ang Diyos at mamatay ka na." Sa halip, mas pinili ni Job na sambahin ang Diyos. Ang kanyang tatlong kaibigan na sina Eliphaz, Bildad, at Zophar ay may paniniwala na dahil sa kasalanan ni Job ang kanyang pagdurusa. Totoo nga na ang kasalanan ay nauuwi sa pagdurusa, ngunit hindi lahat ng pagdurusa ay dahil sa kasalanan. Papaano natin babantayan ang ating mga sarili sa maling mga pananaw?

## 3 Makapangyarihan at walang hanggang pananaw ng Diyos

*[1]Pagkatapos, sinagot ng PANGINOON si Job mula sa ipu-ipo, sinabi niya, [2]"Sino ka na nag-aalinlangan sa aking karunungan? Ang mga sinasabi mo'y nagpapatunay lang na wala kang nalalaman. [3]Humanda ka. Magtatanong ako sa iyo at sagutin mo ako. [4]Nasaan ka noong nilikha ko ang pundasyon ng daigdig? Kung talagang marunong ka, sabihin mo sa akin."* **JOB 38:1-4**

Nang ang Diyos ay mangusap kay Job, naunawaan niya na anumang pagdaing (Job 3:1-3) o pagtatanggol (Job 23:4-7) na nagmumula sa sarili niyang pananaw ay hindi maihahalintulad sa makapangyarihan at walang hanggang pananaw ng Diyos (Job 40:3-5). Sa bandang huli, hindi man niya nalaman kung bakit pinahintulutan ng Diyos na siya ay magdusa, isang bagay ang tiyak: hindi niya kinailangang maunawaan ang lahat ng nangyayari sa paligid niya para magtiwala, sumunod at paluwalhatian ang Diyos. Bakit tayo makakatiwala sa Diyos kahit hindi natin nauunawaan ang sitwasyon? Ibahagi ang panahon na nagtiwala ka sa Diyos sa kabila ng pang-unawa mong hindi sapat.